



GAWAD TSANSELOR 2016







Malawak at malalim ang kabuluhan ng hinabing tela sa maraming etnolinggwistikong pangkat sa kapuluan ng Pilipinas. Malawak dahil sa samu't saring layon ng mga telang ito sa iba't ibang panahon, lunan at antas ng pamumuhay ng mga Pilipino: mula sa pagsilang hanggang pagtawid sa kabilang buhay. Malalim—dahil ang gamit ng mga tela ay hindi lamang humahangga sa pagtaklob bilang panangga sa katawan, kundi pagpapamalas din ng angking kakayahang lumikha ng mga bagong anyo o sasalamín sa ginagalawang kapaligiran.

Sa taong ito, ang habi ang kakatawan sa Linggo ng Parangal ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Sinisimbulo nito ang pagsasala-salabat ng mga kasapi ng pamayanan ng UP Diliman upang makabuo ng di-mapipilas na hangaring kumalinga sa sambayanan. Ang pagdakila ng Unibersidad sa mga kasapi nitong gaya ng telang nagbibigay-ginhawa sa katawan ay walang humpay sa pagbibigay-karangalan at karilagan sa pamamagitan ng mga serye ng palatuntunang magbibigay-pugay sa mga natatanging guro, mag-aaral, REPS at kawani.

GAWAD TSAN MGA HINABING H

Pambansang Awit

Pambungad na Pagtatanghal

Noypi (ni Bamboo)

*Triple Fret at si G. Al Gatmaitan, alumnus, Kolehiyo ng Musika**

Pambungad na Bati

Dr. Michael L. Tan

Tsanselor, UP Diliman

Gawad Tsanselor sa Natatanging Mag-aaral

G. Neil Patrick S. Ferrer, *Kolehiyo ng Kinetikang Pantao*

G. John Paulo G. Delas Nieves, *Paaralan ng Pagpaplanong Urban at Rehiyonal*

Bb. Arizza Ann S. Nocum, *Kolehiyo ng Inhenyeriya*

G. Raymond S. Velasco, *Kolehiyo ng Inhenyeriya*

Pagtatanghal

Perfect (Pinatanyag ni Pink)/Just the Way you Are (ni Bruno Mars)

Triple Fret

Gawad Tsanselor sa Natatanging Kawani

Bb. Cesaria D. Juanillo, *Serbisyong Pangkalusugan ng Unibersidad*

G. Luis G. Olid Jr., *Kolehiyo ng Pangmadlang Komunikasyon*

Gawad Tsanselor sa Natatanging REPS

Bb. Elinor May K. Cruz

Sentro ng Aralin Ukol sa Ikatlong Daigdig, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya

Bb. Elvira B. Lapuz

Aklatan ng Unibersidad

Dr. Risa L. Reyes

Pambansang Linangan sa Pagpapaunlad ng Pagtuturo sa Agham at Matematika, Kolehiyo ng Edukasyon

TSANSELOR 2016 USAY AT DANGAL

Pagtatanghal

Karaniwang Tao (ni Joey Ayala)
Triple Fret

In Memoriam

Kanlungan (ni Noel Cabangon)
Triple Fret
kasama si Bb. Mariz Mitra, mag-aaral, Kolehiyo ng Arte at Literatura

Gawad Tsanselor sa Natatanging Mananaliksik sa Filipino

Dr. Ramon G. Guillermo
Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura

Gawad Tsanselor sa Natatanging Guro

Dr. Jose Maria P. Balmaceda
Linangan ng Matematika, Kolehiyo ng Agham

Dr. Alonzo A. Gabriel
Departamento ng Agham sa Pagkain at Nutrisyon, Kolehiyo ng Ekonomiyang Pantahanan

Dr. Eulalio R. Guieb III
Departamento ng Brodkasting, Kolehiyo ng Pangmadlang Komunikasyon

Pagtatanghal

Nais Ko (Pinatanyag ni Basil Valdez)
Triple Fret kasama si G. Al Gatmaitan

Pasasalamat

Dr. Benito M. Pacheco
Bise Tsanselor para sa mga Gawaing Akademiko

UP Naming Mahal

Pag-alaala: Gawad Tsanselor 2015

13 tumanggap ng pinakamataas na pagkilala ng UPD

Labing-dalawang indibidwal at isang pook pampamayanan sa kampus ang tumanggap ng Gawad Tsanselor 2015, ang pinakamataas na pagkilala na binibigay ng UP Diliman para sa mahuhusay at natatanging gawain.

Pinili ng mga lupon na binubuo ng kanilang mga kasamahan ang mga indibidwal na pinarangalan: tatlong propesor, apat na REPS, isang mananaliksik sa Filipino, apat na mag-aaral at isang administratibong kawani. Noong 2015, ang parangal ay binaybay sa Filipino mula sa baybay nito noong 1995 na Gawad Chanselor. Kasabay ng bagong pangalan ang bagong lugar na pinagdausan ng palatuntunan: ang Awditoriyum ng Linangan ng Biyolohiya sa National Science Complex.

Natatanging Guro. Tatlong kasapi ng fakulti ang binigyan ng pagkilala bilang Natatanging Guro: Dr. Rizalinda L. De Leon at Dr. Henry N. Adorna, parehong mula sa Kolehiyo ng Inhenyeriya, at Dr. Jose Ernie C. Lope ng Kolehiyo ng Agham.

Isang kawakxing propesor sa Departamento ng Inhenyeriyang Kemikal, binigyang-pagkilala si De Leon para sa "... kahusayan ... sa pagtuturo, pananaliksik at gawaing administratibo at gawaing ekstensiyon, bagay na kinilala ng Philippine Institute of Chemical Engineers nang iginawad sa kanya ang karangalan bilang Outstanding Professional."

Si Adorna, Propesor 4 sa Departamento ng Agham Pangkompiyuter, ay kinilala nang maipakita niyang "kayang gampanan ng isang fakulti ng Unibersidad ng Pilipinas ang maging isang mahusay na guro, isang produktibong mananaliksik at isang episyenteng administrador."

Propesor 4 sa Linangan ng Matematika, kinilala si Lope "para sa kanyang natatanging kahusayan sa pagtuturo at pananaliksik sa larangan ng partial differential equations at mathematical modeling."

Natatanging Mananaliksik sa Filipino. Ang nag-iisang Natatanging Mananaliksik sa Filipino ay si Dr. Apolonio B. Chua, Propesor 12 sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas ng Kolehiyo ng Arte at Literatura. Siya ay binigyang-pagkilala para sa kanyang "masugid at masinsing gamit ng wikang Filipino sa pagtuklas ng karunungan-bayan. Para rin ito sa kanyang walang-kapagurang pagtulay ng buhay-akademiko sa kaalamang-bayan, na naglandas sa matalisik na saliksik at malikhaing kathang taglay ang



tatak ng kahusayan, karangalan at paglilingkod ng pambansang pamantasan.”

Natatanging REPS. Apat ang pinangalanang Natatanging REPS (Research, Extension and Professional Staff): Frederick C. Delfin at Miguel Paolo P. Reyes, parehong mula sa kategorya ng Research; Sharon Maria S. Esposito-Betan sa Professional Staff; at Dr. Amelia E. Punzalan, na postumong pinarangalan sa kategorya ng Ekstensiyon.

Si Delfin ay mula sa Linangan ng Saliksik sa mga Likas na Agham. Siya ay kinilala, bukod sa iba pa, “para sa kanyang natatanging gawain sa larang ng henetika ng ebolusyon at populasyon ng tao lalo na ng kasaysayan ng henetika ng populasyon ng Pilipino, na maaaring maging mahalaga sa larang ng forensics at medisina.”

Si Reyes, na mula sa Sentro ng Aralin Ukol sa Ikatlong Daigdig ng Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, ay binigyang-parangal “para sa lawak at tapang ng kanyang mga gawaing pampananaliksik, na sumasakop mula komparatibong panitikan at pag-akda (authorship) hanggang demokratisasyon at kultura sa akademya.”

Si Esposito-Betan, na mula sa Kolehiyo ng Inhenyeriya ay kinilala “sa pagiging tagapanguna sa transpormasyon ng Aklatan ng Kolehiyo ng Inhenyeriya tungo sa isang makabagong IT facility para sa pananaliksik pang-inhenyeriya, na kinilala sa loob at labas ng bansa.”

Si Punzalan, na mula sa Pambansang Linangan sa Pagpapaunlad ng Pagtuturo ng Agham at Matematika, ay nahirang “para sa kanyang natatanging mga ambag at pangunguna sa pagpapalaganap ng pag-aaral sa aralin (lesson study) sa pamamagitan ng pagsasanay sa mga guro, pananaliksik, at pagiging tagapayo sa mga estudyante, na nagbunga ng mga makabagong paraan ng pagtuturo sa loob ng silid-aralan at pagpapalakas sa mga programa sa pagpapaunlad sa mga guro sa mga paaralan at pamantasan sa iba-ibang panig ng bansa.” Pumanaw siya noong Marso 2015.

Natatanging Mag-aaral. Apat na mga estudyante ang pinangalanang Natatanging Mag-aaral: Jhesset Thrina O. Enano, Batsilyer sa Arte ng Peryodismo sa Kolehiyo ng Pangmadlang Komunikasyon; Raphael Aaron A. Letaba, Batsilyer sa Agham ng Administrasyong Pagnenegosyo at Akawntansi sa Cesar E.A. Virata Paaralan ng Pagnenegosyo; John Paul M. Sawali, Batsilyer sa Agham ng Inhenyeriyang Sibil sa Kolehiyo ng Inhenyeriya; at Tiffany Grace C. Uy, Batsilyer sa Agham ng Biyolohiya sa Kolehiyo ng Agham.

Natatanging Kawani. Si Pablo C. Navarro ng Kolehiyo ng Arte at Literatura ang hinirang na Natatanging Kawani.

Natatanging Pook. Samantala, ang hinirang na Natatanging Pook ay ang Hardin ng Doña Aurora.



Ang UP Dance Company at ang kanilang pagtatanghal ng “Bandila.”

Bawat pinarangalan ay tumanggap ng salaping gantimpala, medalya at isang tropeong nagpapakita ng isang binubuong Oblation, ‘non-finito.’

Magkatuwang na nilikha nina Prop. Jamel Joseph A. Obnamia at Prop. Jose Manuel L. Sicat na parehong mula sa Kolehiyo ng Sining Biswal, ang 13-pulgadang tropeong gawa sa polyester resin ay sumasagisag sa nagpapatuloy na paglilingkod ng mga nagwagi sa Pamantasan at sa bansa. Unang ginamit ang tropeo noong 2014 Gawad Chanselor.

Sa kanyang pambungad na pagbati, maikling sinalaysay ni Tsanselor Michael L. Tan ang 20 taong kasaysayan ng parangal, binigyang-pansin ang pabagu-bagong mga kategorya at ang pagtaas-baba ng bilang ng mga pinarangalan sa pagdaan ng mga taon. Binigyang-diin din niya ang mga napanalunang parangal ng mga yunit pang-akademiko, kung saan ang Kolehiyo ng Agham ang may pinakamaraming pinarangalang Guro at REPS. Binigyang-pansin din niya na ang ibang yunit ay wala o may isang parangal lamang.

Nagbigay rin si Tan ng ilang mungkahi. Ang una ay ang isama sa nominasyon ang mga kinatawan ng UP Integrated School; at ang ikalawa ay ang maging mas aktibo sa paghahanap ng mga potensyal na maparangalan at paggamit ng grado sa SET (Student Evaluation of Teachers) bilang batayan. Sinabi rin niyang kailangang mas makita ang mga nahirang bilang modelo sa Unibersidad sa pamamagitan ng pagsasalita nila sa mga seminar o pagtalakay ng isang usapin o papel pang-akademiko sa mga palihan o panayam.

Ngayong 2016, ang Gawad Tsanselor ay igagawad sa 13 indibidwal – tatlong Natatanging Guro, isang Natatanging Mananaliksik sa Filipino, tatlong Natatanging REPS, apat na Natatanging Mag-aaral at dalawang Natatanging Kawani.

Ang 13 paparangalan ay mas makikilala natin sa mga susunod na pahina kung saan ilalahad ang kanilang mga mahuhusay at natatanging gawain para maging karapat-dapat na tumanggap ng Gawad Tsanselor 2016.

Natatanging Mag-aaral



G. Neil Patrick S. Ferrer

Mag-aaral ng Kolehiyo ng Kinetikang Pantao at kasalukuyang nasa ikaapat na taon sa kursong Batsilyer sa Agham ng Isports si Ferrer. Siya ay may General Weighted Average (GWA) na 1.3000 sa unang semestre ng Akademikong Taon 2015-2016.

Bilang patunay sa kahusayan ni Ferrer, naging University Scholar siya mula unang semestre ng Akademikong Taon 2012-2013 hanggang 2015-2016, at College Scholar noong ikalawang semestre ng Akademikong Taon 2012-2013.

Natapos niya ang kanyang internship sa Mahidol University College of Sports Science and Technology (MUCSST) sa Thailand noong 2015.

Naging bahagi si Ferrer ng mga kumperensiya sa loob at labas ng bansa tulad ng International Conference on “Future of Sports Science in Asia” sa MUCSST sa Thailand mula Hul. 23-24, 2015 at sa una hanggang ikatlong “National Conference on Sport Pedagogy” sa UP Diliman Kolehiyo ng Kinetikang Pantao (Okt.12-14, 2012; Okt. 11-13, 2013; at Nob. 7-9, 2014) bilang isa sa mga tagapagtalakay ng pangkumperensiyang papel at pasilitador ng palihan.

Nakatakda siyang magpresenta ng pananaliksik na papel sa “International Table Tennis Federation Sports Science Congress” na gaganapin sa Espanya sa taong 2017.



G. John Paulo G. Delas Nieves

Kasalukuyang kumukuha ng gradwadong kursong Master sa Arte ng Pagpaplanong Urban at Rehiyonal si Delas Nieves sa Paaralan ng Pagpaplanong Urban at Rehiyonal.

Nagtapos siya ng Batsilyer sa Agham ng Ekonomiks, *cum laude*, sa Paaralan ng Ekonomiks noong 2014.

Bilang patunay ng kanyang kahusayan ay naging University Scholar din siya mula ikalawang semestre ng Akademikong Taon 2011-2012 hanggang unang semestre ng Akademikong Taon 2013-2014.

Nanungkulan si Delas Nieves sa University Student Council bilang Pangalawang Tagapangulo noong Akademikong Taon 2014-2015 at naging Tagapangulo naman noong 2015-2016.

Kasapi siya ng University Committee on Scholarships and Financial Assistance at Diliman Committee on Scholarships and Financial Assistance mula 2013 hanggang sa kasalukuyan, Vinzons Pride Committee mula 2015 hanggang sa kasalukuyan at ng Dormitory Admissions Committee simula ngayong 2016.

Naging bahagi rin siya ng iba’t ibang porum at pagpupulong sa ibang bansa bilang isa sa mga kinatawan ng Pilipinas noong 2015 tulad ng “European Union Support to Higher Education in South East Asian Region (EU Share) Inaugural Policy Dialogue” sa Jakarta, Indonesia; “EU SHARE Study Visit” sa Belgium at Alemanya; at “ASEAN Student Leaders Forum” sa Bangkok, Thailand.

Bb. Arizza Ann S. Nocum

Si Nocum ay mag-aaral sa Kolehiyo ng Inhenyeriya at kasalukuyang nasa ikalimang taon sa kursong Batsilyer sa Agham ng Inhenyeriyang Pang-Industriya. Siya ay may General Weighted Average (GWA) na 1.1667 sa unang semestre ng Akademikong Taon 2015-2016.

Noong Enero 17 ng taong ito ay nakamit ni Nocum at ng kanyang pangkat ang kampeonato sa Industrial Engineering Competition na ginanap sa Institut Teknologi Bandung sa Indonesia. Kasama ang mga kakurso, nagpresenta rin siya ng papel “Ergonomic Evaluation and Design of a Mobile Health Application for Maternal and Infant Health for Smartphone Users among Lower-Income Class Filipinos” sa 6th International Conference on Applied Human Factors and Ergonomics na ginanap sa Las Vegas (2015).

Lumahok din si Nocum sa iba’t ibang kumperensiya, seminar at pagpupulong sa loob at labas ng bansa (AIESEC Youth to Government Manila Summit (Asian Engineering Student Network at One Young World Summit, Thailand at Southeast Asian Global Undergraduate Leadership Program, Singapore/2015).

Nakamit niya ang unang gantimpala sa Ramon Magsaysay Youth Essay Contest para sa categoryang 19-24 taong gulang (2014) at ang titulong Best Project mula sa UPD Departamento ng Inhenyeriyang Industriyal at Saliksik Ukol sa Operasyon para sa “A Study on the Influence of Psychological Barriers in the Problem-Solving Performance of College Students.”



G. Raymond S. Velasco

Mag-aaral si Velasco sa Kolehiyo ng Inhenyeriya at nasa ika-anim na taon sa kursong Batsilyer sa Agham ng Inhenyeriyang Kemikal. Siya ay may General Weighted Average (GWA) na 1.3333 sa unang semestre ng Akademikong Taon 2015-2016.

Tatlong semestre (ikalawang semestre 2010-2011; unang semestre 2011-2012 at 2014-2015) siyang naging College Scholar at dalawang semestre (unang semestre 2010-2011 at 2015-2016) bilang University Scholar. Ginawaran siya ng full scholarship ng Seoul National University of Science and Technology sa South Korea para kumuha ng kursong Master’s in Polymer Engineering.

Siya ay nagsisilbing tagapangulo ng UP Engineering Student Council para sa akademikong taon 2015-2016 at naging delegado ng konseho sa ika-41 na General Assembly of Student Councils sa UP Mindanao. Aktibo si Velasco sa mga usapin ng Unibersidad at bansa, patunay ang paglahok niya noong 2015 sa mga kumperensiya tulad ng “UP Your Vote Campagin” at “Hot Seat: A Panel Discussion on the Internet Speed in the Philippines.”

Lumahok si Velasco sa National Institute for International Education sa South Korea (2014) para sa Global Korea Scholarship at 2014 ASEAN Undergraduate Chemical Engineering Education Summit sa Maynila.

Kabilang si Velasco sa mga tumatanggap ng merit scholarship mula sa Department of Science and Technology – Science Education Institute.



Natatanging REPS



Bb. Elinor May K. Cruz

Kawaksing Mananaliksik ng Unibersidad I sa Sentro ng Aralin Ukol sa Ikatlong Daigdig (TWSC), Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, si Cruz. Naglilingkod siya sa Sentro mula pa noong 2010.

Nagtapos siya ng Batsilyer sa Arte ng Saliksik sa Komunikasyon noong 2003. Kasalukuyan niyang tinatapos ang kaniyang Master sa Arte ng Sosyolohiya sa UPD.

Noong 2012, ang proyekto ni Cruz at ng kapwa-mananaliksik na si Trina Joyce Sajo na pinamagatang “Cybersex in the Anti-development State: Labor Politics and Life Histories,” ay napiling maisama sa dalawang taong programang pananaliksik ng Strengthening Information Research Capacity Alliance (SIRCA). Malaki ang naging impluwensiya ng kanilang proyekto sa pagbabalangkas ng mga alituntuning magpapatupad ng Cybercrime Prevention Act of 2012 sa Pilipinas.

Sa nakaraang tatlong taon, si Cruz ay naging isa sa mga tagapag-ugnay ng TWSC para sa mga pagsasanay at pagtataguyod ng programa na patungkol sa: 1) taunang pampublikong seryeng panayam at TWSC writeshop; 2) ang taunang video-documentary program sa pakikipagtulungan ng University of Montreal (UdM); at 3) Visiting Research Fellow (VRF) Program.

Si Cruz ay tumanggap ng International Publication Award noong 2015 at ng Research Dissemination Grant noong 2013 at 2014.



Bb. Elvira B. Lapuz

Punong Tagapamahala ng Aklatan ng General Reference and Electronics Library Section sa Aklatan ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman si Lapuz. Isa rin siyang Senior Lecturer sa Paaralan ng Aralin sa Aklatan at Impormasyon (SLIS).

Sa kanyang pamumuno ng General Reference Section, kanyang isinulong ang isang agresibong presensya ng Aklatan ng Unibersidad para sa komunidad ng UP Diliman. Ito ay kanyang ipinarating maging sa social media sa pamamagitan ng mga proyekto at iba’t ibang okasyon o aktibidad ng Aklatan. Si Lapuz ang pangunahing dahilan kung bakit tinatamasa ng UP Diliman ngayon ang paggamit ng electronic resources sa Aklatan ng Unibersidad. Noong 2014, kanyang inorganisa ang Electronics Fair sa Aklatan ng Unibersidad tampok ang electronic resources at teknolohiya na akma sa akademya at pananaliksik.

Si Lapuz din ang namuno upang bumuo ng isang komprehensibong programa ukol sa Information Literacy sa Aklatan. Sa kanyang pangunguna, nadagdagan ang programang edukasyong pang-aklatan tulad ng Copyright and Ethical Use of Library Resources. Katunayan, maraming klase sa gradwado at di-gradwadong antas ang kasalukuyang gumagamit nito.

Isa siya sa mga pinili upang bumalangkas ng National Competency-Based Standards for Filipino Librarians na ipinasa ng Board for Librarians of the Professional Regulations Commission noong 2014.

Dr. Risa L. Reyes

Dalubhasa sa Edukasyong Pang-Agham V sa Pambansang Linangan sa Pagpapaunlad ng Pagtuturo ng Agham at Matematika (NISMED) ng Kolehiyo ng Edukasyon si Reyes. Pumasok siya sa NISMED noong 1980.

Nagtapos siya ng PhD sa Edukasyong Pang-agham (Major in Biology Education) noong 1997 sa UPD.

Si Reyes ay nagsisilbing patnugot ng karamihan sa mga naisulat ng mga kawani ng NISMED. Siya ay palaging kasama sa mga publikasyon na gawa ng NISMED. Ilan sa mga pinakabagong publikasyon kung saan siya ay kapwa may-akda ay ang “Book 2 Lesson Study: Learning more together, growing in practice together” at ang “How to Conduct Lesson Study in Your School: A Tool Kit,” kapwa inilimbag noong 2014.

Nagsilbi siya bilang tagapag-ugnay, tagapagsanay, tagapagsalita at paper presenter sa iba’t ibang kumperensiya. Siya rin ay naging bahagi sa pagtayo o pagbuo ng Lesson Study Network sa Pilipinas na naglalayon sa pagpapalaganap ng pag-aaral sa aralin (lesson study) para sa propesyunal na pagpapahusay ng mga guro.

Si Reyes ay kasapi ng lupong ng mga patnugot ng “UP NISMED Newsletter” at ng “International Journal of Science and Mathematics Education.”



Natatanging Mananaliksik sa Filipino

Dr. Ramon G. Guillermo

Propesor sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas ng Kolehiyo ng Arte at Literatura ng UP Diliman, si Guillermo ay isa sa kinikilalang mananaliksik, kaguro at kasamahan ng Unibersidad. Ang kanyang mga sinaliksik ay inilathala sa mga prestihiyoso at mapagkakatiwalaang daluyan at siya ay umani na ng mga pagkilala mula sa kapuwa niya iskolar at kritiko.

Ang kanyang mga sinaliksik ay inilathala na ng mga palimbagan sa loob at labas ng bansa. Kabilang dito ang nobelang “Ang Makina ni Mang Turing” (2013) na inilathala ng UP Press, ang “Hinggil sa Konsepto ng Kasaysayan” (2013) ni Walter Benjamin, isang salin mula sa Aleman patungong Filipino na may paunang salita ni Benedict O’Gorman Anderson na inilathala ng High Chair Press, “Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw” (2009) na inilathala ng UP Press, at ang “Agaw-Liwanag” (2005) na inilathala ng High Chair Press. Malaki rin ang naging ambag ni Guillermo sa larangan ng Philippine Studies sa pamamagitan ng kanyang “Translation and Revolution: A study of Jose Rizal’s Guillermo Tell” na inilathala ng Ateneo de Manila University Press noong 2009.

Hindi rin nawawala ang mga natatanging saliksik ni Guillermo sa mga akademikong refereed journal tulad ng “Humanities Diliman,” “Philippine Humanities Review,” “Daluyan,” “Philippine Studies” at “Kritika Kultura.”



Natatanging Kawani



Bb. Cesaria D. Juanillo

Kasalukuyang nagsisilbi si Juanillo bilang Administrative Aide 4 sa University Health Service (UHS) na humahawak ng maraming kliyente araw-araw. Naglingkod siya sa Unibersidad sa loob ng 36 taon simula 1979, una bilang Domestic Keeper sa UP Student Auxiliary at noong 1981 naman, siya ay lumipat sa UP Book Center bilang Utility. Noong 1999 ay napunta siya sa UHS.

Bagama't elementarya lang ang kanyang natapos sa kanyang hometown ng Calauag, Quezon, ang kanyang pagnanais na matuto at patuloy na paghusayin ang sarili ang nagtulak sa kanya upang ipagpatuloy ang pag-aaral sa edad na 45. Nagtapos siya ng hayskul sa Miriam College noong 1997.

Noong 2010 ay nagtapos siya ng kolehiyo sa Philippine School of Business Administration, Inc. sa kursong Bachelor of Arts in Human Resource Development. Kumuha rin siya ng maikling kurso sa computer technology.

Sa ngayon ay nakapagbuo siya ng isang mini-archive sa isa sa mga kuwarto sa UHS na naglalaman ng mga medical record mula taong 2005 pababa.

Mayroon siyang pormal na mungkahi upang i-computerize ang mga rekord ng mga pasyente ng UHS na balak ipatupad simula 2016 hanggang 2020. Ito ay nagmula sa kanyang pagdalo sa isang seminar-workshop tungkol sa "Management of Electronic Records" noong 2014.



G. Luis G. Olid Jr.

Si Luis G. Olid, o "Kuya Louie" sa mga estudyante at fakulti ng Kolehiyo ng Pangmadlang Komunikasyon (CMC), ay kasalukuyang naglilingkod bilang Senior Administrative Assistant II.

Tatlumpu't anim na taon na siyang naglilingkod sa Unibersidad mula noong 1979 nang pumasok siya bilang isang karelyebong mensahero sa Office of General Services hanggang lumipat siya sa CMC noong 2006.

Siya ay nagbibigay ng payong pangteknikal sa mga proyekto at pananaliksik ng mga fakulti at nanguna sa pagpapaunlad at pagkumpuni ng mga gamit sa pangunahing opisina ng DZUP mula sa isang simpleng kuwartong panglektyur hanggang sa maging isang nagagamit na opisinang pang-media.

Mula sa kanyang orihinal na konsepto, kasama ang Departamento ng Broadcasting at isang alumnae, ay nakumbinsi ang Sony Philippines na magbigay ng kagamitan na pang-audio at video para sa kolehiyo, at nabuo ang Sony AV Library na pinakikinabangan ng mga estudyante na walang mapagkukunan ng mga ganitong kagamitan.

Siya rin ang nagsilbi bilang direktor pang-teknikal para sa ilang produksyon ng kolehiyo, katulad ng Sining Del Pilar, isang taunang criticism at broadcast arts festival.

Bagama't hindi isang pormal na miyembro ng fakulti, nagtuturo rin si Olid ng non-linear editing para sa klase sa BC102 bilang tulong sa mga guro.

Natatanging Guro

Dr. Jose Maria P. Balmaceda


Isang guro, mananaliksik, tagapagpayo at administrador, si Balmaceda ay nagsisilbi sa Linangan ng Matematika ng Kolehiyo ng Agham ng higit na 35 taon. Sa kasalukuyan, siya ay Propesor 12 sa nasabing institusyon. May PhD Mathematics mula sa University of Illinois at Urbana-Champaign (1991), siya ay isang mahusay na algebraist at kilala sa kanyang mga akda tungkol sa group association schemes. Ang kanyang pananaliksik noong 1994 kasama si M. Oura tungkol sa “Terwilliger algebras of group association schemes of some symmetric and alternating groups” ay tinatalakay pa rin hanggang ngayon. Ang mga bagong pananaliksik niya at ng kanyang mga estudyante ay inilahad sa iba’t ibang lokal at internasyonal na kumperensiya. Isa rito ay tungkol sa “Leonard systems” na nilahad niya sa Asian Mathematical Conference sa Busan, South Korea (2013) at sa International Congress of Mathematicians sa Seoul, South Korea (2014). Kasalukuyang dekanong Kolehiyo ng Agham, siya ay nagkapagsilbi rin bilang direktor ng Linangan ng Matematika, bilang Katuwang ng Pangalawang Pangulo para sa mga Gawaing Akademiko at direktor ng Opisina ng mga Ugnayang Institusyonal ng UP System. Sa kasalukuyan, siya ang tagapag-ugnay ng mga proyekto ng Erasmus Mundus sa Unibersidad na nagpapadala ng mga guro at mag-aaral sa iba’t ibang unibersidad sa Europa. Siya rin ang tagapag-ugnay ng Asian Studies Program na naitatag noong 2001 kasama ang University of Innsbruck sa Austria, kung saan nagkakaroon ng pagkakataong makapagtapos ng PhD o postdoctoral studies ang mga guro sa Austria.



Dr. Alonzo A. Gabriel

Propesor 1 sa Kolehiyo ng Ekonomiyang Pantahanan, si Gabriel ay nagkapagtapos ng doktorado sa Food Microbiology and Hygiene mula sa Hiroshima University noong 2010. Isang dedikadong guro, ibinabahagi ni Gabriel ang kanyang kadalubhasaan sa iba pang mga yunit sa Unibersidad. Itinuturo niya ang Global Gastronomy (197) sa Sentro ng Araling Internasyonal at isa siya sa mga naimbitahang lekturer sa programang Science, Technology and Society ng Kolehiyo ng Agham. Nitong Akademikong Taong 2015-2016, siya ay hinirang na Affiliate Professor ng Institute of Fish Processing Technology ng College of Fisheries and Ocean Studies ng UP Visayas, kung saan kabilang siya sa pangkat na nagtuturo ng mga kurso sa Fish Processing at Fish Microbiology.

Maraming nagawang pananaliksik si Gabriel sa Food Quality, Food Safety at Food Defense na kinilala ng International Committee on Food Microbiology and Hygiene (2015), ng International Union of Food Science and Technology (2013) at ng Southeast Asian Regional Center for Graduate Study and Research in Agriculture (2012) sa pagsusulong ng agham pampagkain at teknolohiya sa mga umuunlad na bansa. Siya ay hinirang ng National Academy of Science and Technology bilang isa sa mga Outstanding Young Scientists sa bansa (2013). Para sa mga serbisyo sa loob at labas ng Unibersidad, siya ay pinarangalan ng Junior Chamber International bilang isa sa Ten Outstanding Young Men para sa Food Science and Technology (2013), at Ten Outstanding Young Persons of the World para sa Academic Leadership and/or Achievement (2014).





Dr. Eulalio R. Guieb III

Si Guieb ay Propesor 1 sa Departamento ng Brodkasting sa Kolehiyo ng Pangmadlang Komunikasyon. Nagtapos siya ng PhD sa Antropolohiya mula sa McGill University, Quebec, Canada. Labing-isang taon na siyang nagtuturo sa Unibersidad at kasalukuyang Tagapangulo ng Departamento ng Brodkasting. Dahil sa masusi niyang pag-aaral sa kanyang larangan at episyenteng paraan ng pagtuturo at pagpapayo sa tesis at disertasyon ng mga mag-aaral, mataas ang grado niya sa Student Evaluation of Teachers (SET) mula sa gradwado at di-gradwadong antas.

Nailathala na rin ang ilan sa kanyang mga akda sa Scopus o Thomson-Reuters indexed journals tulad ng “The Journal of Peasant Studies” noong 2015 at “Humanities Diliman” noong 2014.

Naging punong patnugot din siya ng “Social Science Diliman” sa loob ng tatlong taon, at kamakailan lamang ay sa “AghamTao,” ang journal ng Anthropological Society of the Philippines (UGAT).

Bilang mananaliksik, ginawaran siya ng UP Diliman Centennial Faculty Grant noong 2013 para sa pananaliksik niyang “God and Canada: Negotiations of selfhood and a sense of home and hope.” Bilang makata ay pinarangalan siya noong 2014 ng Gawad Pambansang Alagad ni Balagtas ng Kongreso ng Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas. Natanggap din niya noong 2015 ang ikawalo niyang Palanca, ang pinaka-prestihiyosong parangal sa panitikan ng Pilipinas, para sa sanaysay niya sa Ingles na nanalo ng unang puwesto.



Ang Tropeo ng Gawad Tsanselor


Isang sagisag ng patuloy na paglilingkod sa Unibersidad at sa sambayanan at paghubog ng kagalingan: ito ang kinakatawan ng tropeo ng Gawad Tsanselor.

Kinomasyon ng Lupong Tagapamahala ng Gawad Tsanselor ng UPD noong 2014, ang tropeo ay magkatuwang na nilikha nina Prop. Jamel Joseph A. Obnamia at Prop. Jose Manuel L. Sicat ng Kolehiyo ng Sining Biswal.

Ang tropeo ay eskulturang halaw sa imahen ng isang binubuong Oblation. Gawa ito sa polyester resin na ginawang kawangis ng marmol na manilaw-nilaw na puti ang kulay, may taas na 13 pulgada, lapad na 12 pulgada at lalim na 5 pulgada. Sa bandang ibaba ay may puwang kung saan ikakabit ang tansong plate na lalagyan ng pangalan, yunit at titulo ng kategorya ng nagwagi.

Inspirasyon ng tropeo—na kilala ngayon bilang tropeo ng Gawad Tsanselor—ang mga eskultura ni Michelangelo na “Slaves.” Ang apat na “Slaves” ni Michelangelo ay nililok mula sa marmol at naglalarawan ng nakasanayan niyang estilo ng paglikha na “non-finito” (di-tapos).

Tulad ng mga likha ng Maestro, ang tropeo ng Gawad Tsanselor, ay tila di-tapos. Ngunit, higit nitong inilalarawan ang wangis ng binubuong Oblation at kumakatawan sa patuloy na paglilingkod sa Unibersidad at sa sambayanan at paghubog ng kagalingan ng mga nagwagi ng Gawad Tsanselor. Nagsisilbi rin



itong tanda na ang pagiging kasapi at kabahagi ng Unibersidad ay hindi natutuldukan.

Unang ipinagkaloob ang tropeo sa 2014 Gawad Chanselor. At noong panahong iyon, eksaktong 25 piraso lamang ang nilikha nina Obnamia at Sicat ngunit dinagdagan din ito ng 25 pang piraso noong taon ding iyon. Ang mga tropeo ngayon ay nasa pag-iingat ng Opisina ng Bise Tsanselor para sa mga Gawaing Akademiko at tanging ang mga hinirang na Gawad Tsanselor sa UP Diliman ang nagmamay-ari ng mga ito.

Gawad Tsanselor 2016

Mga Miyembro ng Search Committee

Natatanging Pook

Dr. Nestor T. Castro, **Tagapangulo**
Opisina ng Bise Tsanselor para sa mga Gawaing Pangkomunidad

Prop. Karen Ann B. Jago-on
Paaralan ng Pagpaplanong Urban at Rehiyonal

Dr. Jose Ernie C. Lope
Kolehiyo ng Agham

Prop. Kristian July R. Yap
Kolehiyo ng Inhenyeriya

Punong Barangay Isabelita I. Gravides
Barangay UP Campus

Natatanging Mag-aaral

Dr. Neil Martial R. Santillan, **Tagapangulo**
Opisina ng Bise Tsanselor para sa mga Gawaing Pangmag-aaral

Dr. Jose Ernie C. Lope
Kolehiyo ng Agham
2015 Gawad Tsanselor sa Natatanging Guro

Dr. Rizalinda L. de Leon
Kolehiyo ng Inhenyeriya
2015 Gawad Tsanselor sa Natatanging Guro

G. Raphael Aaron A. Letaba
C.E.A. Virata School of Business
2015 Gawad Tsanselor sa Natatanging Mag-aaral

G. John Paul M. Sawali
Kolehiyo ng Inhenyeriya
2015 Gawad Tsanselor sa Natatanging Mag-aaral

Natatanging Kawani

Prop. Virginia C. Yap, **Tagapangulo**
Opisina ng Bise Tsanselor para sa Administrasyon

Dr. Angela D. Escoto
Opisina sa Pagpapaunlad ng Yamang Tao

Bb. Ester M. Mendoza
Opisina ng mga Gawain ng Mag-aaral
Opisina ng Bise Tsanselor para sa mga Gawaing Pangmag-aaral

Bb. Lucilyn E. Gardaya
Opisina ng Rehistrador ng Unibersidad

Bb. Francisca D. Vera Cruz
Opisina ng Pangangalaga sa Kampus

Natatanging REPS

Dr. Fidel R. Nemenzo, **Tagapangulo**
Opisina ng Bise Tsanselor para sa Saliksik at Pagpapaunlad

Dr. Laura T. David
Kolehiyo ng Agham

Bb. Sharon Maria S. Esposito-Betan
Kolehiyo ng Inhenyeriya
2015 Gawad Tsanselor sa Natatanging REPS

Dr. Marlene B. Ferido
Pambansang Linangan sa Pagpapaunlad
ng Pagtuturo ng Agham at Matematika

Dr. Charita S. Kwan
Kolehiyo ng Agham

Natatanging Mananaliksik sa Filipino

Dr. Fidel R. Nemenzo, **Tagapangulo**
Opisina ng Bise Tsanselor para sa Saliksik at Pagpapaunlad

Dr. Aleli B. Bawagan
Opisina ng Koordinasyon sa Ekstensiyon

Dr. Gonzalo A. Campoamor II
Kolehiyo ng Arte at Literatura

Prop. Jesus Federico C. Hernandez
Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya

Professor Emeritus Rosario Torres-Yu
Kolehiyo ng Arte at Literatura

Natatanging Guro

Dr. Benito M. Pacheco, **Tagapangulo**
Opisina ng Bise Tsanselor para sa mga Gawaing Akademiko

Dr. Maria Joy V. Abrenica
Paaralan ng Ekonomiks

Dr. Helen Yu-Rivera
Kolehiyo ng Arte at Literatura

Dr. Violeda A. Umali
Tanggapan ng Pagsulong ng Pagtuturo

Dr. Florenda S. Valera
Kolehiyo ng Agham

Pangkat Artistiko at Pangkat Pamproduksyon

Pangkalahatang Direktor	José Estrella
Mga Manunulat	Sir Anril Pineda Tiatco Jem Roque Javier
Mga Dramaturgo	Kevin Brandon Saure Paolo Amascual
Disenyo ng Bidyo	Jon Lazam Brent Javier
Sinematograpiya	Raphael Ramirez
Disenyo ng Entablado	Gino Gonzales
Direktor Panteknikal at Disenyo ng Ilaw	Barbie Tan-Tiongco
Disenyo ng Tunog	Mark Anthony Yulo
Tagapamahala ng Entablado	Carlo Pagunaling
Mga Katuwang na Tagapamahala ng Entablado	Paolo Amascual Rosbert Christian Salburo
Tagapamahala ng Produksyon	Manuel Casalan Bryan Viray
Katuwang na Tagapamahala ng Produksyon	Archie Clataro
Voice Over	Stephen Quizon

Seremonya ng Pag-alaala at Parangal sa Lingkod Komunidad

Dr. Nestor T. Castro, **Tagapangulo**
Dr. Sir Anril P. Tiatco, **Kapwa Tagapangulo**
Bb. Ma. Luz Hazel A. Desierto, **Kalihim**

Mga Miyembro:

Bb. Phoebe Mae D. Rostrata
Bb. Maria Lourdes B. Arandia
Bb. Sinag de Leon-Amado
G. Crisostomo N. Dela Cuesta
Bb. Esperanza G. Dela Cruz
G. Luisito R. Mainot

Parangal sa Mag-aaral

Dr. Neil Martial R. Santillan, **Tagapangulo**

Mga Miyembro:

Prop. Niel Kenneth Jamandre
Bb. Mary Jane V. Cenas
Bb. Herzl Erin F. Bañacia
G. Virgilio Angelo G. Gener

Programa ng Gawad Tsanselor

Dr. Sir Anril P. Tiatco, **Tagapangulo**

Mga Miyembro:

Bb. Phoebe Mae D. Rostrata
Bb. Maria Lourdes B. Arandia
Bb. Sinag de Leon-Amado
G. Crisostomo N. Dela Cuesta
Bb. Esperanza G. Dela Cruz
G. Luisito R. Mainot

Parangal sa mga Retirado at Gawad Paglilingkod

Dr. Angela D. Escoto, **Tagapangulo**

Mga Miyembro:

Bb. Leizel P. Lectura
Bb. Judith J. Clemente
Bb. Emma C. Boncocan
Bb. Ma. Narea S. Molina
Bb. Rosalinda J. Tingco
Bb. Shierylyn T. Sison
G. Rogelio T. Estrada Jr.
Bb. Rhodora B. De Castro
G. Christopher M. Coballes

Publikasyon, Promosyon at Dokyumentasyon

Dr. Sir Anril P. Tiatco, **Tagapangulo**
Prop. Jem R. Javier, **Kapwa Tagapangulo**

Mga Miyembro:

G. Narciso S. Achico Jr.
Bb. Shirley Simbria-Arandia
Bb. Pia Ysabel C. Cala
G. Raul R. Camba
G. Denes V. Dasco
G. Albino C. Gamba Jr.
Bb. Agnes Guererro
Bb. Cecilia A. Ibay
Bb. Mariamme D. Jadloc
Bb. Haidee C. Pineda
Bb. Anna Kristine E. Regidor
G. Leonardo A. Reyes
G. Benito V. Sanvictores Jr.
G. Jefferson Villacruz





Tagapamahalang Komite

Tagapangulo

Dr. Benito M. Pacheco
Bise Tsanselor para sa mga Gawaing Akademiko

Mga Miyembro

Prop. Virginia C. Yap
Bise Tsanselor para sa Administrasyon

Dr. Fidel R. Nemenzo
Bise Tsanselor para sa Saliksik at Pagpapaunlad

Dr. Neil Martial R. Santillan
Bise Tsanselor para sa mga Gawaing Pangmag-aaral

Dr. Nestor T. Castro
Bise Tsanselor para sa mga Gawaing Pangkomunidad

Dr. Violeda A. Umali
Direktor, Tanggapan ng Pagsulong ng Pagtuturo

Dr. Sir Anril P. Tiatco
Direktor, UP Diliman Information Office
Tagapamahalang Opisyal, Opisina ng Inisyatiba
para sa Kultura at mga Sining

Dr. Angela D. Escoto
Direktor, Opisina ng Pagpapaunlad ng Yamang Tao

Dr. Grace C. Ramos
Direktor, Opisina ng Ugnayang Institusyonal ng UP Diliman

Sekretaryat

Bb. Jessica R. Pagaduan
G. Jeruzalem S. Cruz

